# RELOKASYON

Kuwento ni:
Ma. Theresa C. Apil

Guhit ni:
Naph Bryan C. Gonzaga



DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

**Mga Kasanayang Pampagkatuto**

Napahahalagahan ang kwento ng sariling pamilya.
AP1PAM- IIa-3

Nagagamit ang naunang kaalaman o karanasan sa pag-unawa ng napakinggang alamat/teksto
F1PN-IIe-2/ F1-IVb-2

Naiuugnay ang sariling karanasan sa napakinggang kuwento
F1PN-II-j-4

Talk about oneself and one's personal experiences using appropriate expressions (family, pet, favorite food, personal experiences, friends, favorite toys, etc.)

Use the following pronouns when applicable a. demonstrative pronouns (e.g. ito, iyan, yan, dito, diyan, doon) b. subject and object pronouns c. possessive pronouns
MT2C-IIa-i-2.2

Treasury of Storybooks

......................................

This storybook is a product of the National Competition on Storybook Writing 2022
of the Department of Education.

Pursuant to the Intellectual Property Code of the Philippines, no copyright shall subsist in this work of Government of the Philippines. However, prior approval of the Department of Education shall be necessary for exploitation of such work for profit. DepEd may, among other things, impose as a condition the payment of royalties. No prior approval or conditions shall be required for the use for any purpose of statutes, rules and regulations, and speeches, lectures, sermons, addresses, and dissertations, pronounced, read or rendered in courts of justice, before administrative agencies, in collaborative assemblies and in meeting of public character.

For the purpose of citation, the following recommended.
Ma. Theresa C. Apil. Relokasyon, DepEd-BLR, 2022

**DEVELOPMENT TEAM**

Kuwento ni: Ma. Theresa C. Apil

Guhit ni: Naph Bryan C. Gonzaga

Learning Resources Managers: Dr. Gina U. Urquia, EPS/LRMDS-Muntinlupa
Mr. Dennis M. Mendoza
Dr. Raul T. Felix, Principal IV
Madeline Ann L. Diaz, Chief Education Supervisor
Evangeline P. Ladines CESO V, Superintendent

**Muntinlupa City**
**National Capital Region**

# RELOKASYON





Dito sa Bayan ng Muntinlupa, nagsagawa ang pamahalaan ng relokasyon sa mga nakatira malapit sa riles ng tren mula Sucat hanggang Tunasan. Ang dahilan ay ang pagsikip ng lugar at hindi mapigil na paglobo ng populasyon at pagdami ng mga naaaksidente rito.

Sila ay ililipat sa lugar na sakop ng Poblacion na kung tawagin ay *housing*. Inaasahang maraming mag-aaral ang ililipat sa itinayong paaralan malapit sa National Bilibid Prison.


Unang buwan pa lamang ni Mikay ng kanyang pag-aaral sa Unang Baitang sa Paaralang Elementarya ng Alabang noong ibalita sa kanila ang ginawang relokasyon at sila ay ililipat sa pagbubukas ng bagong paaralan sa *housing*.

Nagsusulat si Mikay sa kanyang upuan nang biglang umupo ang kaibigan niyang si Ella sa kanyang tabi. “Mikay, sabi ng guro natin isa ka raw sa ililipat sa bagong paaralan sa *hawsing*. bulong ni Ella.

“Ano, bakit ako ililipat? Alam mo ba kung saan ang lugar na iyon?” gulat ang tonong tanong ni Mikay.

“Hindi ko alam pero narinig kong sinabi nila na malapit daw iyon sa bilibid.” wika ng kaibigan niya.

Agad tumayo si Mikay. “Ha?! ‘Di ba maraming masasamang tao doon? Ella, pwede mo ba akong samahan sa ating guro? Gusto ko lang itanong kung totoo nga bang isa ako sa ililipat sa bago nating paaralan.” wika ni Mikay.




“Magandang umaga po, titser.” sabay bati nina Mikay at Ella sa kanilang guro.

“Magandang umaga naman mga bata. Ano ang maipaglilingkod ko sa inyo?” tanong ng kanilang guro. Pero ayaw magsalita ni Mikay dahil hindi niya kayang tanggapin ang kompirmasyon mula sa kanyang guro.

“Sige na Mikay, magsalita ka. Tingin mo ba kumakain ako ng bata?” birong tanong ng guro at ngumiti ito sa mga bata.


Sa wakas ay nagsalita rin si Mikay. “Titser, totoo po bang ililipat ako sa bilibid? ‘Di ba delikado po roon? ‘Di ba titser doon nakakulong ang mga bilanggo? Ayoko po roon titser, nakakatakot po roon!” nag-aalalang tanong ni Mikay, na nangingilid na ang luha sa kaba.



Tumayo at tinapik ng guro ni Mikay ang kanyang balikat. "Mikay, huwag kang matakot. Ililipat ka roon pero hindi mismo sa loob ng bilibid. Siguro, inakala mo na sa loob ka ng bilangguan mag-aaral kasama ang mga preso 'no?" tanong ng guro.

Tumango lamang si Mikay pero hindi siya kumbinsido dahil ayaw niyang isipin na iiwan niya ang eskuwelahan nila sampu ng kanyang mga kamag-aral.

Bumalik ang guro sa upuan niya. "Mikay, alam mo ba, napakaswerte mo. Maswerte rin ang mga magulang mo dahil alam kong maganda ang lugar na iyong lilipatan. At higit pang gaganda roon. Kaya gusto kong ipaalam mo ito sa iyong mga magulang, ha?"



Nang makauwi si Mikay sa kanilang bahay ay agad niyang sinabi sa kanyang mga magulang ang balita mula sa kanyang guro.


Hindi na nagulat ang mga magulang ni Mikay dahil kasama ang pamilya nila sa masuwerteng magagawaran ng pabahay na handog ng National Housing Authority.

Kinausap siya ng kanyang mga magulang hinggil dito upang ipaintindi sa kanya kung bakit sila kasama sa relokasyon. Naintindihan naman ni Mikay ang sitwasyon subalit, may agam-agam sa kanyang isip.



Hindi nagtagal, lumipat ang pamilya nila Mikay sa *housing*. At hindi nila inasahan ang mainit na pagsalubong ng mga bago nilang kapitbahay.


Tinulungan sila nitong magbaba ng mga gamit at hindi sila iniwan hanggang hindi nila naipapasok sa loob ng bahay ang kanilang natitirang gamit.



"Hay! Simula ngayon ito na ang bago nating bahay," wika ng kanyang tatay.

"Hindi naman po pala nakakatakot dito, 'tay." wika ni Mikay.

"Mababait pa nga ang mga bago nating kapitbahay." dagdag pa ng kanyang nanay.



Noong una ay nakakaramdam si Mikay ng kalungkutan sa tuwing sumasagi sa kanyang isipan ang dati niyang guro, mga kamag-aral, at mga kaibigan sa may riles.

Subalit, hindi nagtagal, nagustuhan din niya ang lugar dahil napakalawak nito at marami siyang mga kalaro. Hindi pala ito katulad ng nasa isip niya dati na tirahan ito ng maraming masasamang tao.



Napagtanto ni Mikay na maganda at maaliwalas ang lugar. Malawak din ang kanilang paaralang bagong tayo, medyo maalikabok nga lang pero konting pagpag lang, tanggal na ang dumi.

Kaya mula noon, minahal na ni Mikay nang buong puso ang lugar kung saan sila ay nailipat. Hindi na rin siya natatakot tumira malapit sa National Bilibid Prison, gustong-gusto na rin niyang mag-aral sa Paaralang Elementarya ng Itaas Annex na ngayon ay Paaralang Elementarya ng Poblacion. Habang tumatagal, paganda nang paganda ang lugar at padami rin ng padami ang kaniyang mga kaibigan. May maganda naman palang naidudulot ang pagbabago.

Nangangamba nga lang si Mikay sa isang banda…………………………



Baka magka-RELOKASYON ulit!!!!

